22130074

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**FILIPINO A: LITERATURE – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**FILIPINO A : LITTÉRATURE – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A: LITERATURA – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Monday 13 May 2013 (morning)
Lundi 13 mai 2013 (matin)
Lunes 13 de mayo de 2013 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied and compare and contrast these works in response to the question. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.
- You are not permitted to bring copies of the works you have studied into the examination room.
- The maximum mark for this examination paper is *[25 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N’ouvrez pas cette épreuve avant d’y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. En basant votre réponse sur au moins deux des œuvres de la troisième partie que vous avez étudiées, vous devez comparer et opposer ces œuvres dans le cadre du sujet. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la troisième partie n’obtiendront pas une note élevée.
- Vous n’êtes pas autorisé(e) à apporter des exemplaires des œuvres que vous avez étudiées dans la salle d’examen.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d’examen est *[25 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste una sola pregunta de redacción. Base su respuesta en al menos dos de las obras estudiadas de la Parte 3, comparándolas y contrastándolas en relación con la pregunta. Las respuestas que no se basen en al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán una puntuación alta.
- No está permitido traer copias de las obras estudiadas a la sala de examen.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[25 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2013

*Sagutin ang* ***isang*** *tanong lamong. Dapat ibatay ang iyong sagot* ***sa kahit man lamang dalawang*** *akdang nasa Bahagi 3 na iyong napag-aralan at* ***ikumpara o pag-ibahin*** *ang mga akdang ito bilang tugon sa tanong. Ang mga sagot na hindi nakabatay sa pagtalakay ng kahit man lamang dalawang akda mula sa Bahagi 3 ay* ***hindi makakakuha*** *ng matataas na marka.*

**Nobela**

**1.** Tasain kung gaano kaepektibong ginamit ng magkakaibang manunulat ang realistikong paglalarawan ng mga tauhan at/o pangyayari at/o sitwasyon para isulong ang kanilang mga layunin sa kahit man lamang dalawang nobelang iyong napag-aralan.

**2.** Talakayin ang kahalagahan ng tunggalian sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

**3.** Pumili ng mga partikular na elemento sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang awtor na iyong napag-aralan at talakayin kung paano naapektuhan ng naratibong strukturang ginamit ang mga elementong ito.

**Maikling Kwento**

**4.** Batay sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang awtor ng iyong napag-aralan, talakayin kung ano ang natamo o naging epekto ng paggamit ng kolokyal o impormal na wika sa pagsalaysay ng kwento.

**5.** Sa mga anong paraan at kung ano ang naging mga epekto ng paggamit ng detalye sa kahit man lamang dalawang manunulat sa mga maikling kwento na iyong napag-aralan?

**6.** Batay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, paghambingin o pag-ibahin ang lapit o paraan na ginamit ng mga awtor sa kanilang pagbigay wakas o pagsulat ng mga katapusang bahagi ng maikling kwento.

**Dula**

**7.** Batay sa kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan, talakayin ang mga elemento ng dula na sa iyong palagay ay ang dahilan ng malakas na dating ng dula sa manonood.

**8.** Paghambingin o pag-ibahin ang mga kasangkapang pampanitikan na ginamit sa kahit man lamang dalawang mandudula para sa pagbukas at pagtapos ng mga eksena o Akto sa kanilang mga dula.

**9.** Batay sa kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan, paghambingin ang mga paraan na ginamit ng mga mandudula para gawing higit na makatotohanan o kapani-paniwala ang mga tauhan.

**Tula**

**10.** Batay sa kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang makata na iyong napag-aralan, talakayin ang halaga ng kabuuang struktura ng tula sa pagpapakahulugan sa mga elemento nito't tema.

**11.** "Likhang isip man, maaring suriin ang isang tula sa siyentipikong paraan." Gamit ang kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang makata na iyong napag-aralan, hanggang saan mo masasabing totoo ang pahayag na ito?

**12.** Batay sa kahit man lamang dawalang akda ng magkaibang makata na iyong napag-aralan, suriin ang bisa ng mga imahen sa pagbigay buhay sa isang partikular na panahon at/o lugar at/o damdamin.

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**13.** Batay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, talakayin kung hanggang saan ang gamit ng unang taong punto-de-bista ay higit na nakapanghihikayat at/o epektibo sa pagpaigting ng isang usapin at/o paglalahad ng karanasan?

**14.** Gamit ang kahit man lamang dalawang akda ng magkaibang awtor na iyong napag-aralan, talakayin kung paano ginamit ng manunulat ang tono at/o laro ng salita at/o organisasyon ng mga detalye para gawing interestante para sa mambabasa ang isang ordinaryong paksa.

**15.** Batay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, paghambingin o pag-ibahin ang mga paraang ginamit sa pagtawag pansin sa isang negatibong kultural na katangian at/o aspeto ng mga taumbayan at/o komunidad at/o lipunan.